# INTERNATIONAL NAPASA ( December, 10th, 2024 )

## 1)PAGPAPAALAM UKOL SA SHONAN HIRATSUKA FUREAI MARKET

湘南平塚ふれあいマーケットのお知らせ

Sa December 22 (Sunday) ay magkakaroon ng ***SHONAN HIRATSUKA FUREAI MARKET*** sa palengke ng bagsakan ng mga paninda sa 1-7 Shinomiya, Hiratsuka City. Ang oras ay magsisimula ng 7:00 ng umaga hanggang alas 8:00 ng umaga. Makabibili ng mga lokal na napapanahong mga gulay, sariwang isda, at iba pa. Ito ay matutuloy pa rin sa petsang itinakda kahit na umulan. Kung may gusto pang malaman ukol sa bagay na ito ay maaring tumawag sa ***INDUSTRIAL PROMOTION DIVISION (SANGYO SHINKO KA)*** ng Hiratsuka City. Telephone No. **0463-21-9758 (0463-21-9758)** o maaaring tumawag sa umaga ng araw ng pagdiriwang. Telephone No. **090-3215-0106 (090-3215-0106).**

## 2)INPORMASYON UKOL SA PAGTAAS NG RATE NG REBATE NG STARLIGHT MONEY

「スターライトマネー」の還元率引き上げのお知らせ

Ang Dito sa Hiratsuka City, mula sa pagitan ng December 1 hanggang 20 ay tataas ng 20 % ang rebate na dati ay 1% lamang. Subalit ang nasasaklaw dito ay ang pamimili ng nagkakahalaga ng ¥20000. At pagkatapos ng December 21 ay babalik mula sa 1% ang rebate. Para sa mga katanungan ukol sa bagay na ito ay makikita sa Home Page ng Hiratsuka City o maaaring tumawag sa ***SECRETARIAT OFFICE (JIMU KYOKU)*** ng Hiratsuka City. **Telephone Number 0570-06-0505 ( 0570-06-0505 ).**

## 3)IMPORMASYON UKOL SA CONCERT SA HACHIMAN YAMA NO YOUKAN

八幡山の洋館でのコンサートのお知らせ

Sa December 18 (Wednesday) ay magkakaroon ng libreng concert sa Hachimanyama no youkan. Mula 11:00 ng umaga hanggang 12:00 ng tanghali ay may Piano Concert at mula 2:00 hanggang 3:00 ng hapon ay may tugtuging Music Bell.

Para sa mas detalyadong pangalan ng kanta at musikero ay makikita sa Web site ng Hiratsuka City Office. Ang kapasidad ng tao na maaaring makapasok ay hanggang 60 tao. Para sa mga katanungan ay makipag-ugnayan sa Telephone No. **0463-35-71114 ( 0463-35-7114 ).**

## 4)PAGPAPAALAM UKOL SA PAGBABAGO SA PATAKARAN SA PAGBIBISIKLETA

自転車の運転規則変更マナーについて

Mula noong November 1 ang patakaran sa oras ng pagbibisikleta ay naging mahigpit na.

**ANG MGA SUMUSUNOD NA PAGLABAG AY PAPATAWAN NG PARUSANG MULTA O**

**PAGKABILANGGO:**

1. Paggamit ng mobile phone habang nagbibisikleta.
2. Pakikipag-usap gamit ang mobile phone habang nagbibisikleta.
3. Pagbibisikleta matapos maka-inom ng alak.

At paglabag din sa batas ang pagpapahiram ng bisikleta sa taong nagpahiram ng

## 5)UKOL SA SPORTS LESSON NA MAGSISIMULA SA BUWAN NG ENERO

1月から始まるスポーツ教室のおしらせ

Ang Hiratsuka City ay magbubukas ng iba’t-ibang ***SPORTS LESSON*** para sa pagpapabuti ng kalusugan ng mamamayan ng lungsod. Ang mga nakapaloob na Sports ay ***AEROBICS, FITNESS, HULA DANCE, NORDIC WALKING*** at iba pa***.***

Para sa detalye ng bawat schedule ng lesson, bayarin at iba pa ay makikita sa Home Page ng ***TOWN PLANNING FOUNDATION (MACHI ZUKURI ZAIDAN)*** ng Hiratsuka City. Maaaring tumawag sa Telephone No. **0463-35-0102 ( 0463-35-0102 ).** Ang huling araw ng pag-aapply ay sa December 13 (Friday). Maaari ring mag-apply sa Home Page ng nasabing